# FIREWORKS

**Nagbabalak ka bang gumamit ng mga paputok sa loob ng lungsod ng Edmonton?** Sa ilalim ng mga batas ng Lungsod ng Edmonton, ilegal at puwedeng magresulta sa mga kaparusahan ang anumang paggamit ng mga paputok nang walang tamang permit. Narito ang mga kailangan mong malaman bago magpaputok.

## PAGPAPAPUTOK

+ Mga sertipikadong propesyonal lang na may aprubadong permit para sa paputok na inisyu ng Edmonton Fire Rescue Services ang pinapayagang magpaputok sa loob ng lungsod ng Edmonton
+ Ang paggamit ng mga paputok nang walang permit ay paglabag sa mga batas ng Lungsod ng Edmonton at puwedeng magresulta sa mga multa o kaparusahan
+ Maglaan ng 10 araw na may pasok pagkasumite ng nasagutang aplikasyon bago maproseso ang permit
+ Makipagtulungan sa isang Fire Prevention Officer para paunang paaprubahan ang lokasyon ng community o public event mo
+ Ang taong bibigyan ng permit para sa mga paputok ay dapat sumunod sa lahat ng kondisyong nakabalangkas sa permit
+ May dala dapat na kopya ng permit sa lokasyon habang ginagamit ang mga paputok at dapat itong ipakita sa mga opisyal kung hihingiin
+ Ang anumang aktibidad sa pampublikong ari-arian ay napapailalim sa Mga Batas ng Lungsod ng Edmonton para sa Mga Pampublikong Lugar at Mga Batas ng Lungsod ng Edmonton para sa Mga Pamantayan ng Komunidad
+ Para lang sa isang event valid ang isang aprubadong permit para sa pagpapaputok
+ Para sa mga kahilingang baguhin ang petsa ng event sa isang permit para sa pagpapaputok, dapat itong isagawa sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa Edmonton Fire Rescue Services sa efrsspecialevents@edmonton.ca
+ Tawagan ang Edmonton Fire Rescue Services sa 780-414-7332 mga 15 minuto bago gamitin ang mga paputok na may permit

## MGA KAHIHINATNAN KUNG WALANG PERMIT

**Ilegal at puwedeng magresulta sa mga kaparusahan ang hindi pagsunod sa lahat ng nalalapat na code, regulasyon, batas, at permit kaugnay ng pagpapaputok sa Lungsod ng Edmonton.**

Posibleng lubos na delikado at nakakaistorbo ang mga paputok sa mga indibidwal, ari-arian, at kapaligiran kung mali ang paggamit o pangangasiwa sa mga ito. Sa ilalim ng mga batas ng Lungsod ng Edmonton, ang anumang paggamit ng mga paputok nang walang kaukulang permit ay ilegal at napapailalim sa kaparusahan — na posibleng kinabibilangan ng mga multang hanggang $10,000. Puwede ring magsampa ng mga kriminal na demanda depende sa sitwasyon, at puwede itong magresulta sa kriminal na record, mga multa, at posibilidad na makulong.

### PAANO MAG-APPLY NG PERMIT

Puntahan ang edmonton.ca/**Fireworks** para sa listahan ng mga hinihingi para sa permit

Ipadala sa email ang nasagutan mong aplikasyon sa **efrsspecialevents@edmonton.ca**

### MGA BAYAD SA PERMIT

Propesyonal - Mga pang-consumer na permit **$100**

Propesyonal - Mga pang-high hazard na permit **$181**

## KALIGTASAN SA MGA PAPUTOK

+ Dapat lang gamitin ang mga paputok alinsunod sa mga regulasyon sa permit
+ Huwag gumamit ng mga paputok kung may kasalukuyang fire ban o kung lampas 40 km/oras ang bilis ng hangin

Tumawag sa 3-1-1 kung may mga alalahanin o reklamo tungkol sa paputok.

Tumawag lang sa 9-1-1 kung naghihinala kang nagkaroon ng sunog dahil sa paputok o kung may agarang nangangailangan ng emergency na tulong.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang edmonton.ca/**Fireworks**

Edmonton